

TALAN NG ESPISIPIKASYON SA MAPEH IV
Ikalawang Markahan (2ND QUARTER)

Mga Layunin	Bilang Ng Aytem	Kategorya, Percentage, and Item placement			
		Knowledge/ Understanding (60 %) Easy	Application / Analysis (30%) Average	Synthesis/ Evaluation (10 %) Difficult	Total Percentage
MUSIKA/MUSIC					
1. Natutukoy ang daloy ng melody tulad ng inuulit, pataas na pahakbang, pababa na pahakbang, pataas na palaktaw at pababa na palaktaw	3	1, 2, 3			30
2. Natutukoy ang mga Pitch Name ng mga guhit at puwang ng G clef staff	2	4, 5			20
3. Nakikilala ang G-clef at nasasabi ang gamit nito	1	6			10
4. Natutukoy ang mga pitch name ng ledger line ng G clef staff	2		7,8		20
5. Nakikilala ang pinakamataas at pinakamahabang antas ng mga note sa musika at nasusukat ang lawak ng tunog nito				9	
6. Nakikilala ang wastong tono sa iba't ibang pagitan ng melody	2		10		20
		60	30	10	100
ARTS/ SINING					
1. Natutukoy ang tamang pagguhit ng iba't ibang tanawin sa pamayanang cultural ayon sa foreground, background at middle ground	2	1	2		20
2. Nalalaman ang kasuotan at palamuti ng pangkat-etniko sa isang pamayanang kultural sa bansa gamit ang overlapping design	1	3			10
3. Naiisa-isa ang mga kultura ng mga pangkat-etniko ng Lanao	1	4			10
4. Nasasabi ang iba't ibang pagdiriwang o selebrasyon sa mga pamayanang kultural sa bansa gaya ng Baguio City at Bacolod	2	5,6			20
5. Naipagmamalaki ang kultura at likhang-sining ng pamayanang kultural	1		7	8	20
6. Natutukoy ang mga kulay na matilingkad at malamlam	1	9			10
7. Natutukoy ang mga elemento ng sining sa paggawa ng myural	1		10		10
		60	30	10	100
PHYSICAL EDUCATION					
1. Natutukoy ang mga gawaing pisikal na nagdudulot ng muscular strength at muscular endurance na naaayon sa Physical Activity Pyramid Guide	1				
2. Naipapaliwanag ang pagkakaiba ng lakas at tatag ng kalamnan					
3. Naipapaliwanag ang kahalagahan ng agility (liksi) bilang sangkap sa Physical Fitness					
4. Nakakasunod sa alituntunin ng larong patintero at agawang panyo					
5. Nakikilala ang mga larong lumilina sa kasanayan ng bilis at liksi					
6. Napapahalagahan ang kasiyahn na puno ng enerhiya at tiyaga, paggalang sa kapwa at patas na pakikipaglaro					
7. Nakakasunod sa wastong paraan ng laro na may pag-iingat at naipapakita ang sportsmanship sa paglalaro					
8. Nalalaman ang mga larong Pilipino					
HEALTH					
1. Nakikilala ang mga nakakahawang sakit	1	1			10
2. Nakapagbibigay halimbawa ng isang pathogens o mikrobyo na sanhi ng sakit	1	2			10
2. Nailalarawan ang isang halimbawa ng nakakahawang sakit	2	3,4			20
3. Naiisa-isa ang iba't ibang element o sangkap ng chain of infection (kadena ng impeksiyon	2	6	5		20
4. Nailalarawan kung papaano naipapasa o naisasalin ang mga nakakahawang sakit mula sa isang tao sa ibang tao	2	7	8		20

5. Naiisa-isa ang mga pamaraan kung paano mapananatiling malusog ang katawan at pagsugpo sa karaniwang nakakahawang sakit	2		9	10	20
---	---	--	---	----	----

Inihanda ni:

TALAN NG ESPISIPIKASYON SA MAPEH IV
Ikalawang Markahan (2ND QUARTER)

Mga Layunin	Bilang Ng Aytm	Kategorya, Percentage, and Item placement		
		Knowledge/ Understanding (60 %) Easy	Application/ Analysis (30%) Average	Synthesis/ Evaluation (10 %) Difficult
MUSIKA/MUSIC (10 items)				
1. Natutukoy ang daloy ng melody tulad ng inuuulit, pataas na pahakbang, pababa na pahakbang, pataas na palaktaw at pababa na palaktaw	3	1, 2, 3		
2. Natutukoy ang mga Pitch Name ng mga guhit at puwang ng G clef staff	2	4, 5		
3. Nakikilala ang G-clef at nasasabi ang gamit nito	1	6		
4. Natutukoy ang mga pitch name ng ledger line ng G clef staff	2		7,8	
5. Nakikilala ang pinakamataas at pinakamahabang antas ng mga note sa musika at nasusukat ang lawak ng tunog nito				9
6. Nakikilala ang wastong tono sa iba't ibang pagitan ng melody	2		10	
ARTS/ SINING (10 items)				
1. Natutukoy ang tamang pagguhit ng iba't ibang tanawin sa pamayanang cultural ayon sa foreground, background at middle ground	2	1	2	
2. Nalalaman ang kasuotan at palamuti ng pangkat-etniko sa isang pamayanang kultural sa bansa gamit ang overlapping design	1	3		
3. Naiisa-isa ang mga kultura ng mga pangkat-etniko ng Lanao	1	4		
4. Nasasabi ang iba't ibang pagdiriwang o selebrasyon sa mga pamayanang kultural sa bansa gaya ng Baguio City at Bacolod	2	5,6		
5. Naipagmamalaki ang kultura at likhang-sining ng pamayanang kultural	1		7	8
6. Natutukoy ang mga kulay na matilingkad at malamlam	1	9		
7. Natutukoy ang mga elemento ng sining sa paggawa ng myural	1		10	
PHYSICAL EDUCATION (10 items)				
1. Natutukoy ang mga gawaing pisikal na nagdudulot ng muscular strength at muscular endurance na naaayon sa Physical Activity Pyramid Guide	1	1		
2. Naihahambing ang pagkakaiba ng lakas at tatag ng kalamnan ayon sa	1	2		
3. Naipapaliwanag ang kahalagahan ng agility (liksi) bilang sangkap sa Physical Fitness	2	3, 4		
4. Nakakasusunod sa alituntunin ng mga invasion games ng larong patintero, agawang beys at agawang panyo	2	6	5	
5. Nakikilala ang mga larong lumilintang sa kasanayan ng bilis at liksi	1	7		
6. Napapahalagahan ang kasiyahn na puno ng enerhiya at tiyaga, paggalang sa kapwa at patas na pakikipaglaro	2		8,9	
7. Nakakasunod sa wastong paraan ng laro na may pag-iingat at naipapakita ang sportsmanship sa paglalaro	1			10
HEALTH (10 items)				
1. Nakikilala ang mga nakakahawang sakit	1	1		
2. Nakapagbibigay halimbawa ng isang pathogens o mikrobyo na sanhi ng sakit	1	2		
2. Nailalarawan ang isang halimbawa ng nakakahawang sakit	2	3,4		
3. Naiisa-isa ang iba't ibang element o sangkap ng chain of infection (kadena ng impeksiyon)	2	6	5	
4. Nailalarawan kung papaano naipapasa o naisasalin ang mga nakakahawang sakit mula sa isang tao sa ibang tao	2	7	8	

5. Nalisa-isa ang mga pamaraan kung paano mapananatiling malusog ang katawan at pagsugpo sa karaniwang nakakahawang sakit	2		9	10
---	---	--	---	----

Inihanda ni:

**IKALAWANG MARKAHANG PASULIT SA MAPEH IV
2ND QUARTER EXAM KEY ANSWERS**

PE	
1	A
2	B
3	C
4	B
5	D
6	A
7	A
8	D
9	C
10	C
Health	
1	D
2	B
3	A
4	D
5	C
6	C
7	A
8	C
9	B
10	B
Music	
1	E
2	A
3	B

4	B
5	C
6	D
7	B
8	B
9	B
10	D
Arts	
1	B
2	A
3	C
4	B
5	A
6	A
7	B
8	A
9	B
10	B

IKALAWANG MARKAHANG PASULIT SA MAPEH IV
2ND QUARTER EXAM

Pangalan: _____ Pangkat at Baitang: _____

Guro: _____ Petsa: _____ Marka: _____

Panuto : Basahin at intindiing mabuti ang bawat bilang. Isulat ang titik ng inyong tamang sagot sa sagutang papel.

I. Music -	/10
II. Art -	/10
III. PE -	/10
IV. Health -	/10
TOTAL	

I. MUSIC

1-3. Suriin ang daloy ng melody sa bawat measure . Piliin ang sagot sa kahon sa ibaba

- | | | |
|-----------------------|------------------------|------------------------|
| A. Pantay o inuulit | B. Pataas na Pahakbang | C. Pababa na Pahakbang |
| D. Pataas na Palaktaw | E. Pababa na Palaktaw | |

_____ 1. 

_____ 2. 




_____ 3.

4. Anu-anong mga pitch name ang bumubuo sa mga guhit ng staff?

- A. FACE B. EGBDF C. A B C D EFG D. EBGFD

5. Ano ang Pitch name ng mga note sa staff na nasa ibaba?




- A. FACE B. EACE C. FADE D. ABCD

6. Alin sa sumusunod ang simbolong inilagay sa unahan ng staff na nagtatakda ng mga pitch name ?


- A.  B.  C.  D. 

7. Ano ang pitch name na bumubuo sa melodic pattern na ito?



- A. CCDCD B. BBCBC C. DDEDE D. FFGFG

8. Anong staff ang may pitch name na **A C E D F** ?




9. Suriin ang bahagi ng awiting "Ako ay Pilipino". Ano ang lawak o range nito?



- A. Malawak B. Maikli c. Makipot c. Magulo

10. Tingnan anggamit ang Kodaly Hand Sign. Isulat anong sofa silaba ang nasa **PAGITAN** ng bawat note.

- A. Do B. Fa C. Mi D. Re



II. ART


1. Ang pintor ay naglalagay ng foreground, middle ground, at background upang maipakita ang tamang espasyo ng mga bagay sa larawan. Alin sa mga ito ang tumutukoy sa mga bagay na nasa likod at kadalasang maliit?

- A. Foreground B. Background C. Middle ground D. Underground

2. Kapag ang mga bagay na iyong iguguhit ay ibig mong magmukhang malayo sa paningin, ano ang dapat mong gawin?

- A. Gawing mas maliit ang pagkakaguhit kumpara sa mga bagay na dapat makita sa malapit
B. Gawing malaki ang pagkakaguhit kumpara sa mga bagay na dapat Makita sa malapit
C. Iguhit ito sa pinakamahabang bahagi ng papel
D. Iguhit ito sa pinakamataas na bahagi ng papel

3. Alin sa mga sumusunod na disenyo ang nagpapakita ng overlapping technique?



4. Ang mga Pilipino ay may iba't ibang uri ng tanawing kultural, alin sa mga sumusunod na tanawin ng pangkat-etniko ang kakikitaan ng disenyong okir ang kanilang tahanan at nakasentro ang kanilang pamumuhay sa Lawa ng Lanao?

- A. Bahay ng Ivatan B. Bahay ng Maranao C. Bahay ng T'boli D. Bahay ng Ifugao

5. Anong pagdiriwang ang idinaraos sa Lungsod ng Baguio?

- A. Panagbenga B. Moriones C. Pahiyas D. Maskara

6. Sa pagguhit ng pagdiriwang tulad ng Panagbenga, Pahiyas at Maskara, anu-anong mga kulay ang ginagamit ng isang pintor upang maipakita ang masayang damdamin?

- A. Pula, dilaw at dalandan C. Asul, berde at lila
B. Berde at dilaw-berde D. Itim, abo at puti

7. Paano nakatutulong ang pagguhit at pagpipinta sa pagpapakita ng pagpapahalaga sa mga pamayanang kultural?

- A. Nagpapakita ito ng tamang estilo ng pagguhit.
B. Namumulat ito ng kamalayan tungkol sa mayayamang kultura nila.
C. Nakapaloob ditto ang lahat ng element ng sining
D. Nagiging inspirasyon ito para magaya mo ang mga kaugalian nila.

8. Bakit iba-iba ang mga likhang-sining ng mga pangkat-etniko sa mga pamayanang kultural?

- A. Iba-iba ang kanilang kultura at kapaligiran
B. Nagpapagalingan sila ng disenyo
C. Wala silang kamalayan sa mga bagay-bagay sa kapaligiran
D. Kaniya-kaniya sila mag-isip ng mga disenyo

9. Sa paanong paraan nakakalikha ng isang mapusyaw na kulay?

- A. Pagkuskos ng pintura C. Paglalagay ng ibang kulay
B. Paghahalo ng puting kulay D. Pagpapatuyo sa mga kulay

10. Sa paggawa ng myural, anong pagpapahalaga ang dapat na bigyang pansin?
- A. Pagsasarili sa ideyang gagawain
 - B. Pagpapagawa ng mahirap na detalye sa mga nakakatanda
 - C. Pag-uwi ng mga gawaing di natapos
 - D. Pagtutulungan at kooperasyon sa paggawa

III. PHYSICAL EDUCATION

1. Alin sa mga sumusunod na gawain ang nagpapalinang ng muscular strength at muscular endurance o tatag at lakas ng kalamnan?
- A. Pull-up at push-up
 - B. paglakad at pagtakbo
 - C. Shuttle Run at 50 meter sprint
 - D. Patintero at Agawang Panyo
2. Kaninong gawain ang nagpapakita ng muscular endurance o tatag ng kalamnan?
- A. Tinulak ni Daniel ang malaking kabinet sa bahay.
 - B. Paulit-ulit na nag-igib ng tubig sa balon si Xian upang mapuno ang tapayan sa palikuran nila.
 - C. Hinila ni James ang mabigat na mesa
 - D. Binuhat ni Enrique ang supot ng 3 kilong bigas.
3. Bakit kailangang linangin ang liksi ng isang tao bilang sangkap ng Physical Fitness?
- A. Upang hindi mahuli sa pagpasok ang mga bata.
 - B. Upang hindi madaling mapagod ang mga bata.
 - C. Upang mapabilis ang pagpalit-palit ng direksiyon o pagkilos
 - D. Upang mapabagal ang mabibilis tumakbo.
4. Ang pagkilos sa maliksing paraan ay sukatan ng:
- A. Coordination
 - B. Agility
 - C. Flexibility
 - D. Speed
5. Ang layunin ang Filipino invasion games ay lusubin ang teritoryo ng kalaban upang manalo. Alin sa mga sumusunod ang **HINDI** halimbawa ng invasion games
- A. Agawang Panyo
 - B. Patintero
 - C. Agawang Beys
 - D. Clash of Clans
6. Ang larong ito ay tinatawag din na " Touch the Dragon's Tail" o "Hablutin mo ang Bunot Ko" kung saan kailangang magsimulang iikot ang bawat pangkat at sikaping maagaw n glider ang panyo na nasa likod ng huling manlalaro sa pangkat ng labanan at kapag naagaw ang panyo , bibigyan sila ng puntos.
- A. Lawin at Sisiw
 - B. Patintero
 - C. Agawang Beys
 - D. Clash of Clans
7. Alin sa mga sumusunod ang nagpapalinang sa bilis at liksi ng isang batang gaya mo?
- A. Shuttle Run 50 meter sprint
 - B. Push-up at Pull-up
 - C. Pagbibisikleta at pagrollerblades
 - D. Paglangoy at Pagsayaw
8. Ang pakikilahok sa mga gawaing pisikal ay mahalaga dahil ito ay
- A. Nagpapalakas ng katawan
 - B. Nakatutulong sa mga sa magandang pakikipag-kapwa
 - C. Nagpapatatag ng katawan
 - D. Lahat ng Nabanggit
9. Alin sa sumusunod ang dapat ginagawa kapag nakikilahok sa mga Gawain katulad ng laro?
- A. Hinahayaang masaktan ang mga kalaro.
 - B. Walang pakialam sa kalaban

- C. Nakikipaglaro ng patas sa kalaban.
- D. Wala sa nabanggit

10. Kapag nadapa ang iyong kalaban sa laron, alin sa mga sumusunod ang gagawin mo?
- A. Pagtawanan siya
 - B. Titingnan siya
 - C. Tutulungan siya
 - D. Isumbong agad sa guro ang nangyari


IV. HEALTH

1. Ang mga sumusunod ay halimbawa ng nakakahawang sakit **MALIBAN** sa isa. Alin dito?
 - A. Dengue Fever
 - B. Alipunga
 - C. Leptospirosis
 - D. Lung Cancer
2. Ito ay isang uri ng pathogens o mikrobyo na pinakamalaki at nagdudulot ng sakit at umaagaw sa sustansiya sa katawan. Ano ito?
 - A. Bacteria
 - B. Parasitic Worms
 - C. Fungi
 - D. Virus
3. Ito ay sakit na may matinding impeksyon sa atay na sanhi ng virus na maaring makuha sa maruming pagakin o inuming tubig na nakikitaan ng paninilaw ng balat, pananamlay, pagsusuka at kulay putik na dumi ang may dala nito? Ano ito?
 - A. Hepatitis A
 - B. Ubo
 - C. Tuberkulosis
 - D. Dengue Fever
4. Anong hayop ang nagdadala ng sakit na dengue?
 - A. Ipis
 - B. Daga
 - C. Langaw
 - D. Lamok

5. **Pag-aralan ang diagram.**

Ano ang nawawala sa "chain of infection"?

- A. circuit of transmission
- B. transmission line
- C. mode of transmission
- D. transmission connection



6. Ito ang lugar kung saan nanahanan at nagpaparami ang mga mikrobyo. Anong elemento ng kadena ng impeksyon o "chain of infection" ang tinutukoy nito?
 - A. Infectious Agent
 - B. Portal of Entry
 - C. Reservoir
 - D. Portal of Exit
7. Sa paanong paraan kumakalat ang sakit na trangkaso, tuberculosis at SARS?
 - A. Hangin
 - B. Pagkain
 - C. Tubig
 - D. Hayop
8. Nabalitaan mong may trangkaso ang iyong matalik na kaibigan, ano ang dapat mong gawin?
 - A. Aalagaan mo siya.
 - B. Dadalawin mo siya at yayakapin.
 - C. Sasabihan mo siyang magpagaling nang husto bago pumasok
 - D. Sasabihan mo siyang huwag ka na niyang lapitan
9. Ano ang dapat mong isagawa upang upang makaiwas sa sakit?
 - A. Iwasang makisalamuha sa ibang tao
 - B. Ugaliing maghugas ngkamay bago at pagkatapos gumamit ng palikuran
 - C. Lagyan ng screen ang bintana ng bahay
 - D. Payuhan ang mga maysakit na manirahan na lamang sa ospital
10. Alin sa mga sumusunod ang **HINDI** nagpapakita ng pag-iingat sa pagkakaroon ng sakit?
 - A. Si Nadine ay nagpabakuna sa klinika ng barangay.
 - B. Kinain ni Kathryn ang tirang pagkain ng tiyo niyang maysakit.
 - C. Gumamit ng mask at gloves si Liza habang inialagaan ang maysakit na si Enrique.

D. Dalawang beses sa isang taon nagpapakonsulta si James sa doktor.

“Paghusayan mo at siguradong magandang Kinakabukasan maabot mo”

Phil. 4:13 “I can do all things through Christ who strengthens me”